

**Language and politics in memes: An analysis as basis
for developing a lesson exemplar for Grade 6**

Diana Nara Gail G. Hernandez, MAEd*

Surigao Education Center, Surigao del Norte, Philippines

Mark Denzel A. Ciruela, MAEd

Surigao del Norte State University, Surigao del Norte, Philippines

ABSTRACT

This study examined the political discourse embedded in social media memes as a basis for developing a comprehensive lesson exemplar aimed at fostering critical literacy among Grade 6 learners in the Filipino subject. Using a qualitative research design, specifically Content Analysis, the study analyzed 77 purposively selected political memes across five thematic categories: health, education, infrastructure, economy, and human rights and law. The analysis was guided by Limor Shifman's three-dimensional framework of content, form, and stance, further classified into persuasive memes, grassroots action memes, and public discussion memes. Findings revealed that economy-themed memes were most prevalent (23%), followed by education (22%), health (20%), infrastructure (19%), and human rights and law (16%). Public discussion memes emerged as the most dominant type, utilizing satire and pop culture references to open national discourse on corruption and language use. Grassroots action memes reflected the collective sentiments of ordinary citizens using local experiences and contemporary slang, while persuasive memes functioned as strategic instruments for shaping belief and promoting nationalism alongside language correction. The study further established that political memes are highly applicable to the Most Essential Learning Competencies (MELCs) of Grade 6 Filipino, particularly in developing skills in critical reading, grammar analysis, opinion expression, and multimodal text interpretation. The findings support the development of a lesson exemplar integrating political memes as pedagogical tools, advancing a Meme-ingful Pedagogy that bridges formal language instruction with real-world socio-political discourse to cultivate digitally literate and critically engaged young citizens.

Keywords: Political memes, critical literacy, Filipino language instruction, content analysis, lesson exemplar, multimodal discourse, Grade 6, Meme-ingful Pedagogy, digital literacy, Philippine education.

Date Submitted: May 6, 2026

Date Accepted: May 13, 2026

Date Published: May 20, 2026

*Corresponding author / Email: gailgaytos@yahoo.com.ph
DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS05021195>

Recommended citation:

Hernandez, D. N. G. G., & Ciruela, M. D. A. (2026). Language and politics in memes: An analysis as basis for developing a lesson exemplar for Grade 6. *Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (2), 4979-4998. <http://doi.org/10.69651/PIJHSS05021195>

**Wika at politika sa meme: Isang pagsusuri bilang batayan sa pagbuo
ng lesson exemplar sa Baitang 6**

Diana Nara Gail G. Hernandez, MAEd

Surigao Education Center, Surigao del Norte, Philippines

Mark Denzel A. Ciruela, MAEd

Surigao del Norte State University, Surigao del Norte, Philippines

ABSTRAK

Sinuri ng pag-aaral na ito ang diskursong pampulitika na nakapaloob sa mga social media memes bilang batayan sa pagbuo ng isang komprehensibong lesson exemplar na naglalayong paunlarin ang kritikal na literasiya ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa asignaturang Filipino. Gamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang Content Analysis, sinuri ang kabuuang 77 politikal memes na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling mula sa limang temang katagorya: kalusugan, edukasyon, imprastraktura, ekonomiya, at karapatang pantao at batas. Ang pagsusuri ay ginabayan ng tatlong-dimensyonal na balangkas ni Limor Shifman na binubuo ng nilalaman, anyo, at paninindigan, at karagdagang inuri sa persuasive memes, grassroots action memes, at public discussion memes. Natuklasan ng pag-aaral na ang mga memes na may temang ekonomiya ang pinakamarami (23%), sinundan ng edukasyon (22%), kalusugan (20%), imprastraktura (19%), at karapatang pantao at batas (16%). Ang public discussion memes ang lumabas na pinaka-dominanteng uri, na gumagamit ng satira at mga sanggunian sa popular na kultura upang buksan ang pambansang diskurso ukol sa korapsyon at paggamit ng wika. Ang mga grassroots action memes naman ay sumasalamin sa kolektibong damdamin ng mga ordinaryong mamamayan sa pamamagitan ng mga lokal na karanasan at makabagong salita, samantalang ang mga persuasive memes ay nagsisilbing estratehikong kasangkapan sa paghubog ng paniniwala at pagtataguyod ng nasyonalismo kasabay ng pagwawasto sa wika. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang mga politikal memes ay may mataas na antas ng kaangkupan sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng Baitang 6 sa Filipino, lalo na sa paglinang ng mga kasanayang kritikal na pagbabasa, pagsusuri ng balarila, pagpapahayag ng opinyon, at interpretasyon ng multimodal na teksto. Sinusuportahan ng mga natuklasan ang pagbuo ng isang lesson exemplar na nag-iintegreyt ng mga politikal memes bilang kagamitang panturo, na nagtataguyod ng isang Meme-ingful Pedagogy na tumataglay ng tulay sa pagitan ng pormal na pagtuturo ng wika at totoong diskursong sosyopolitikal upang hubugin ang mga batang mamamayang may digital na literasiya at kritikal na kamalayan.

Susing salita: Politikal na memes, kritikal na literasiya, pagtuturo ng wikang Filipino, pagsusuri ng nilalaman, lesson exemplar, multimodal na diskurso, Baitang 6, Meme-ingful Pedagogy, digital na literasiya, edukasyong Pilipino.

PANIMULA

Sa mabilis na pagbabago ng tanawing digital, ang wika ay hindi na lamang nananatili sa mga pahina ng tradisyunal na teksbuk kundi aktibo na ring humuhubog at hinuhubog ng mga makabagong plataporma ng komunikasyon. Isa sa pinakamakapangyarihang manipestasyon nito ay ang social media memes, na bagama't madalas tingnan bilang instrumento ng libangan, ay nagsisilbing sopistikadong midyum ng diskursong politikal, panlipunang kritisismo, at kolektibong pagpapahayag. Ayon sa mga pag-aaral sa semiyotika, ang meme ay isang cultural

unit na nagdadala ng masalimuot na mensahe sa pamamagitan ng kumbinasyon ng imahe at teksto, na madaling kumalat at intindihin ng masa (Cruz et al., 2026). Ang kakayahang ito na maghatid ng mga kontekstuwal, praktikal, at dinamikong kahulugan ay nagbigay-daan upang ang social media ay maging sentral na lugar para sa pagpapatupad ng mga kasanayang panlipunan at ideolohiya (Andriani, 2019). Sa teknikal na aspeto, ang memes ay gumagana bilang isang anyo ng multimodal discourse kung saan ang interaksyon ng biswal na imahe at wika ay lumilikha ng isang bagong antas ng kahulugan, na nagiging mabisang daluyan ng impormasyon na mas madaling tandaan at ikalat kumpara sa mga tradisyonal na anyo ng teksto (Cruz et al., 2026). Ang pagiging participatory at dialogic ng mga meme ay humihikayat ng interaksyon ng gumagamit at nakabahaging ekspresyon, na ginagawang kasangkapan ang mga ito para sa pagbabago ng pang-araw-araw na pangyayari at isyung panlipunan tungo sa satirikong kritikal na repleksyon, lalo na sa panahon ng halalan sa Pilipinas (Legara & Enverga, 2025).

Isang mahalagang katangian ng memes ang kanilang pagiging intertekstwal, kung saan ang kahulugan ng isang meme ay madalas na nakadepende sa pamilyaridad ng mambabasa sa isang partikular na pelikula, balita, o viral na pangyayari. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamilyar na simbolo, nagagawa ng memes na paikliin ang mahahabang paliwanag tungo sa isang siksik na mensahe sa pamamagitan ng prosesong tinatawag na reappropriation, kung saan ang isang seryosong tagpo ay binibigyan ng bagong kahulugan upang magsilbing kritisismo, biro, o komentaryo sa mga kasalukuyang isyung panlipunan at politikal. Ang multimodality ng memes, na binubuo ng interaksyon ng teksto at imahe, ay nagpapahintulot sa pagbuo ng masalimuot na kahulugan na madaling maunawaan at ibahagi, na nagiging sanhi upang maging epektibo itong daluyan para sa social commentary (Hartman et al., 2021; Noor & Arshad, 2024). Ang interaksyong ito ng teksto at imahe sa mga meme ay nagiging pundasyon ng kanilang semioticong lakas, na nagpapahintulot sa paglikha ng masalimuot na kahulugan na sumasalamain sa kultural na konteksto at nagpapahusay sa epektibong social commentary sa digital na kapaligiran (Aperocho, 2023; Rabina et al., 2025). Higit pa rito, ang intertekstwalidad bilang pangunahing katangian ng memes ay nagbibigay-daan sa pagbuo ng mga kontekstwalisadong kahulugan sa pamamagitan ng pagtukoy sa iba pang mga teksto, na nagreresulta sa pagpapalakas ng kolektibong memorya at pagkakakilanlan ng mga gumagamit (Murru & Vicari, 2021; Rivin & Shcherbakova, 2021).

Sa usapin ng komunikasyon, ang memes ay nagpapakita ng demokratisasyon ng pagpapahayag sa internet. Hindi tulad ng mga tradisyonal na media na kontrolado ng malalaking kumpanya, ang memes ay maaaring gawin at ipakalat ng kahit na sinong may akses sa teknolohiya, na nagiging tinig ng masa, lalo na ng mga kabataan, upang makilahok sa mga diskursong madalas ay itinuturing na seryoso o nakababagot. Ang transformatibong potensyal ng mga meme ay lalong nahahayag sa konteksto ng pampulitikang diskurso, kung saan ang mga ito ay nagsisilbing representasyon ng kritikal na komunikasyon at instrumental sa pagbuo ng pampublikong persepsyon (Putra et al., 2023). Bilang isang anyo ng digital literacy, ang pag-unawa sa kalikasan ng memes ay nangangailangan ng mataas na antas ng mapanuring pag-iisip, sapagkat ang isang mabisang meme ay may kakayahang magpahiwatig ng irony at satire na hindi agad-agad nauunawaan ng mga literal kung mag-isip. Sa kontekstong pang-edukasyon, ang pag-aaral sa estruktura ng memes ay tumutulong sa mga mag-aaral na suriin ang layunin ng awtor, ang target na madla, at ang bias na nakapaloob sa mensahe, isang kasanayang kritikal sa panahon ng post-truth kung saan ang linya sa pagitan ng katotohanan at propaganda ay madalas na nagiging malabo (Wahyudi, 2025). Gayundin, ang mga memes ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng literasiyang pang-media, sapagkat

hinihikayat nito ang mga mag-aaral na suriin ang nilalaman ng digital, pagtukoy sa layunin, konteksto, at posibleng epekto ng mga mensaheng ipinapahayag (Гильмутдинова et al., 2025).

Sa konteksto ng Pilipinas, ang ugnayan ng wika at politika ay matingkad na makikita sa mga political memes. Ang mga ito ay hindi lamang simpleng biro kundi mga kagamitang lingguwistiko na ginagamit sa persuasive memes upang makahikayat ng pananaw, sa grassroots action memes upang magpakilos ng komunidad, at sa public discussion memes upang magbukas ng talastasan sa mga isyung pambayan. Ang mga katangiang ito ay nagsisilbing kultural na estratehiya upang makipag-ugnayan sa kapangyarihan, bumuo ng pulitikal na pagkakaisa, at ipahayag ang kolektibong identidad ng mga mamamayan (Farid & Radiamoda, 2026; Leon & Ballesteros-Lintao, 2021). Ang wika sa loob ng mga political memes ay nagsisilbing pangunahing instrumento ng kapangyarihan sa digital na espasyo, hindi lamang bilang simpleng paraan ng pagpapahayag kundi bilang isang estratehikong kagamitan upang magtakda ng opinyon at kumontrol sa naratibo ng publiko. Gumagamit ang mga political memes ng mga lingguwistikong kagamitan tulad ng satira, ironya, at metapora upang buwagin ang awtoridad ng mga nasa katungkulan, at ang pagpili ng partikular na salita o jargon ay madalas na may kasamang layuning baligtarin ang nakasanayang pagtingin sa isang politiko (Haydarova, 2025). Ang prosesong ito ay nagpapahiwatig ng pagbabago sa tradisyunal na ugnayan ng komunikasyon, na lumilikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga bagong anyo ng pampulitikang propaganda ay lumalabas sa pamamagitan ng mabilis na pagkalat ng impormasyon (Putra et al., 2022), at nagtatayo ng isang plataporma para sa de-legitimization ng tradisyonal na awtoridad at pagbuo ng alternatibong diskursong humuhubog sa pampublikong opinyon (Rezeki et al., 2026).

Ang diskurso ng political memes ay nagpapakita rin ng tunggalian sa pagitan ng dominanteng kultura at ng boses ng masa. Ang mga makapangyarihang institusyon ay madalas gumagamit ng pormal na wika upang mapanatili ang kanilang imahe, ngunit ang memes ay gumagamit ng kolokyal at pang-araw-araw na wika upang hamunin ang kaayusang ito. Ang paggamit ng wikang Filipino sa mga lokal na political memes ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga ordinaryong mamamayan na makilahok sa usaping pampolitika nang walang takot o pag-aalinlangan, na nagiging anyo ng digital resistance kung saan ang wika ang nagsisilbing barikada laban sa panunupil (Jones & Chau, 2021). Ang mga meme ay nagiging paraan din ng pagpapalaganap ng mga ideyang pampolitika at pagpuna sa tradisyonal na media, na lumalampas sa mga limitasyon ng nakasanayang komunikasyon (Rezeki et al., 2024). Sa ganitong konteksto, ang pag-unawa sa kung paano minamanipula ang wika upang makabuo ng pulitikal na imahe ay nagbibigay sa mga mambabasa ng proteksyon laban sa propaganda at disimpormasyon, at ang kasanayang ito ay krusyal na malinang sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa ilalim ng asignaturang Filipino.

Ang pulitikal na sosyalisasyon ng mga kabataan ay isang mahalagang dimensyon ng pag-aaral na ito. Ang pulitikal na sosyalisasyon ay ang habambuhay na proseso kung saan ang isang tao ay nagkakaroon ng mga kaalaman, mithiin, at pagpapahalaga tungkol sa pamamahala at lipunan, na nagsisimula sa loob ng tahanan at lumalawak sa pamamagitan ng paaralan, media, at kapaligiran habang lumalaki ang indibidwal (Jamil et al., 2025). Sa partikular, ang social media ay nagiging isang bagong pampublikong espasyo na malaki ang impluwensiya sa paghubog ng kaisipan, kritikal na saloobin, at kamalayan sa pulitika ng mga kabataan (Alya et al., 2025). Itinatampok sa mga asignatura tulad ng Araling Panlipunan ang istruktura ng pamahalaan, ang mga karapatang pantao, at ang kasaysayan ng bansa, habang ang mga organisasyong pampaaralan gaya ng Supreme Elementary Learner Government (SELG) ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga kabataan na maranasan ang demokratikong proseso (Bolqiah, 2025). Kinakailangan din ang literasiyang pangmedia upang matutunan ng mga kabataan ang kritikal na pagtatasa ng impormasyon, lalo na sa gitna ng paglaganap ng disimpormasyon at misimpormasyon sa iba't ibang plataporma (Austin & Domgaard, 2022), at

ang proseso ng politikal na sosyalisasyon ay isang dinamikong siklo na naiimpluwensyahan ng iba't ibang ahente tulad ng pamilya, institusyong pang-edukasyon, media, at kapaligiran (Çiçekli & Eryılmaz, 2025).

Gayunpaman, sa kabila ng pagiging laganap ng mga memes sa pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral, nananatiling limitado ang mga pormal na kagamitang panturo na gumagamit sa mga ito bilang lunsaran ng pagkatuto. Madalas na nakakaharap ang mga bata ng mga politikal na mensaheng ito sa internet nang walang sapat na gabay kung paano susuriin ang katotohanan, tono, at layunin ng wika. Ang suliranin na ito ay nagiging mas kritikal sa konteksto ng Pilipinas, kung saan ang mataas na bilang ng gumagamit ng internet at social media ay nagdudulot din ng malawakang pagkalat ng maling impormasyon at polarisasyon ng sentimyento sa mga online na diskurso (Amper & Baradillo, 2025; Ugalingan et al., 2022). Dito nag-uugat ang pangangailangan sa isang masusing Content Analysis upang himayin ang estruktura ng mga political memes at gamitin ang resulta nito sa pagbuo ng isang Lesson Exemplar. Ang paggamit ng memes bilang kagamitang panturo o Instructional Materials ay isang makabagong estratehiya na umaayon sa digital na kalikasan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Sa asignaturang Filipino, nagsisilbi itong malikhaing lunsaran upang suriin ang estruktura ng wika, talasalitaan, at ang pagbabago ng kahulugan ng mga salita batay sa konteksto ng kulturang popular, sapagkat ang memes ay madalas gumagamit ng puns, idyoma, at kolokyal na pahayag na nakahuhasa ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga pahiwatig at pragmatika ng wikang Filipino sa paraang kawili-wili at hindi nakababagot (Cruz et al., 2026). Bukod dito, ang mga memes ay maaaring magsilbing representasyon ng kultura at lipunan, na nagbibigay-daan sa mas malalim na talakayan tungkol sa mga isyung panlipunan at pampulitika na nakapaloob sa mga ito (Jannah et al., 2024; Alim & Dharma, 2021).

Sa konteksto ng Araling Panlipunan, ang memes ay mabisang kasangkapan para sa pagsusuri ng mga isyung panlipunan, kasaysayan, at kontemporaryong kaganapan, sapagkat ang bawat meme ay madalas nagtataglay ng satira o kritisismo na nagpapakita ng kolektibong opinyon ng mga mamamayan tungkol sa gobyerno, ekonomiya, o kultura. Sa pamamagitan ng paghimay sa mensahe ng isang meme, natututuhan ng mga mag-aaral ang mapanuring pag-iisip at nagkakaroon sila ng mas malalim na koneksyon sa mga mahahalagang pangyayari sa lipunan (Farikiansyah et al., 2024; Grata & Llaneta, 2024). Bukod sa pagiging biswal na kagamitan, ang memes ay nagpapadali sa pag-unawa ng mga komplikadong konsepto sa pamamagitan ng relatability, sapagkat ang paggamit ng katatawanan ay nagpapababa ng affective filter ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas aktibong partisipasyon sa talakayan sa loob ng silid-aralan. Ang mga meme ay nagpapadali rin sa pagbuod ng impormasyon, na nagpapahintulot sa pagpapahayag ng mga pangunahing konsepto sa biswal at madaling matandaang paraan, na nakatutulong sa mas mabisang pagpapanatili ng impormasyon (Álvarez et al., 2025). Kinakailangan naman ang maingat na pamamahala ng guro upang matiyak na ang paggamit ng memes ay nakahanay sa mga layunin ng pagkatuto at hindi humahantong sa pagkalito o misinterpretasyon, lalo na sa mga paksang nangangailangan ng matalas na pagsusuri sa konteksto ng kultura (Altukruni, 2022; Kyrpa et al., 2022).

Ang integrasyon ng memes sa pagtuturo ay lumilikha ng isang Meme-ingful Pedagogy na nagpapatibay sa koneksyon ng mga mag-aaral sa digital na kultura at sa akademikong pag-aaral, na nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pakikipag-ugnayan at kritikal na pag-iisip (Gomez et al., 2026), at ipinapakita ng pananaliksik na ang mga memes ay nakapagpapabuti sa pag-unawa sa pagbabasa, kritikal na pag-iisip, at pagganyak ng mga mag-aaral, na nagpapatunay sa kanilang pedagohikal na halaga (Rodríguez, 2026). Ang kasalukuyang pananaliksik ay nakasandig sa mga naunang pag-aaral ni Cruz et al. (2026), Hartman et al. (2021), at Putra et al. (2022) na kumikilala sa memes bilang isang anyo ng multimodal

discourse at makapangyarihang instrumento ng digital resistance sa pampulitikang diskurso, ngunit nagkakaroon ito ng natatanging pagkakaiba dahil habang ang mga naunang literatura ay nakatuon sa pangkalahatang publiko o mga nasa kolehiyo, ang pag-aaral na ito ay ispesipikong sumusuri sa mga mag-aaral ng Baitang 6 at sa direktang aplikasyon ng memes bilang Instructional Materials sa silid-aralan. Layunin nitong punan ang puwang sa mga nakaraang diskurso sa pamamagitan ng paggamit sa memes hindi lamang bilang salamin ng lipunan, kundi bilang isang kontroladong pedagogikal na estratehiya upang itaguyod ang digital literacy at matatag na politikal na identidad sa murang edad.

Ang batayang teoretikal ng pananaliksik na ito ay nakaangkla sa Theory of Internet Memes ni Limor Shifman (2013), na nagpapaliwanag na ang meme ay hindi lamang simpleng biro kundi isang grupo ng mga digital na yunit na may iisang katangian ng nilalaman, anyo, at paninindigan. Ang teoryang ito ay nagbibigay-diin sa proseso ng muling paggawa at pagbabago ng memes habang kumakalat ang mga ito sa iba't ibang online platform, na nagpapakita ng kolektibong partisipasyon sa pagbuo ng kahulugan. Ang paggamit ng memes sa edukasyon ay umaangkop sa pedagogical approach na nakasentro sa mag-aaral, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong lumalahok sa paglikha at interpretasyon ng kaalaman (Echano et al., 2026), at ang ganitong pamamaraan ay umaayon sa mga prinsipyo ng multiliteracies na nagtataguyod ng paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pag-unawa sa iba't ibang anyo ng media at komunikasyon (Azevedo, 2026). Sa unang yugto ng balangkas konseptwal, susuriin ang kategorisasyon ng mga memes batay sa iba't ibang institusyon pampulitika gaya ng pangkalusugan, edukasyon, at iba pang ahensya ng pamahalaan, upang mailahad ang kanilang pinagbabatayan at layunin at ang implikasyon ng mga ito sa paghubog ng persepsyon ng publiko. Sa ikalawang yugto, susuriin ang mga napiling political memes gamit ang tatlong dimensyon ng nilalaman, anyo, at paninindigan upang maunawaan kung paano ginagamit ang wika at simbolo sa paghahatid ng mensaheng politikal, na nagbibigay-daan sa pagkategorya ng mga memes bilang persuasive memes na layuning hikayatin, grassroots action memes para sa kolektibong aksyon, at public discussion memes para sa pampublikong talakayan (Chagas et al., 2017; Sorte, 2019). Sa ikatlong yugto, ang lahat ng nakalap na datos ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang Lesson Exemplar bilang awput ng pananaliksik na magtataguyod ng pagpapaunlad ng literasiyang Filipino lalo na sa mga mag-aaral ng Baitang 6. Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang diskursong pampulitika na nakapaloob sa mga social media memes, tukuyin ang mga pangunahing tema, retorikal na estratehiya, at semiyotikong elemento sa mga piling political memes sa kontekstong Pilipino, at bumuo ng isang komprehensibong kagamitang panturo na magpapaunlad ng kritikal na literasiya sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

Paglalahad ng suliranin

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang diskursong pampulitika na nakapaloob sa mga social media memes at bumuo ng isang komprehensibong kagamitang panturo na magpapaunlad ng kritikal na literasiya sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nais ng mananaliksik na mabigyang kasagutan ang mga tanong na:

1. Ano-ano ang mga iba't ibang politikal memes ang matatagpuan sa social media?
2. Ano-ano ang mga anyo o uri ng politikal memes ang matatagpuan sa social media?
3. Ano-anong mga learning competency ang angkop para sa paggamit ng mga pulitikal memes sa pagtuturo ng literasiyang Filipino ng baitang 6?

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa paglikom at pagsusuri ng mga datos, saklaw ang disenyo ng pananaliksik, kaligiran ng pag-aaral, instrumento, pamamaraan sa pangangalap ng datos, mga etikal na pagsasaalang-alang, at pamamaraan sa pag-aanalisa ng datos.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo, partikular na ang metodong Content Analysis o Pagsusuri ng Nilalaman, upang himayin ang estruktura at kahulugan ng mga piling political memes. Ang disenyong ito ay pinili ng mananaliksik dahil layunin ng pag-aaral na bigyang-interpretasyon ang mga simbolismo, wika, at retorikal na estratehiyang nakapaloob sa mga digital na artifact. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, ang mga visual at tekstwal na elemento ng memes ay sinuri batay sa tatlong dimensyon ni Limor Shifman, na kinabibilangan ng nilalaman, anyo, at paninindigan. Bilang karagdagan, ginamit din ang descriptive-evaluative na pamamaraan upang masuri ang pagiging angkop ng mga memes bilang kagamitang panturo. Ang bahaging ito ng disenyo ay nagsilbing tulay upang ang mga nakalap na datos mula sa social media ay mailapat sa mga learning competencies ng Baitang 6 sa asignaturang Filipino. Ang deskriptibong aspeto ay naglarawan sa kasalukuyang kalagayan ng politikal na sosyalisasyon ng mga bata, habang ang evaluative na aspeto ay tumiyak kung ang mga memes ay tumutugon sa pangangailangan ng kritikal na literasiya ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Surigao Education Center (SEC), isang tanyag na pribado at non-sectarian na institusyong pang-edukasyon na matatagpuan sa kahabaan ng National Highway, KM 2, Lungsod ng Surigao. Itinatag noong Nobyembre 25, 1987 bilang isang non-stock at non-profit na korporasyon, ang paaralan ay nagsimula sa simpleng mithiin noong 1978 bilang Surigao Medical School of Midwifery, ang kauna-unahang paaralan ng midwifery sa buong lalawigan. Sa ilalim ng batas ng Republika ng Pilipinas, opisyal itong binigyan ng bagong pangalan bilang Surigao Education Center noong 1988, na hudyat ng malawakang pagpapalawak ng mga kurso at pag-unlad ng imprastraktura nito upang maging isang pangunahing sentro ng karunungan sa Rehiyon ng Caraga. Sa paglipas ng mga dekada, naging dinamiko ang SEC sa pagtugon sa pangangailangan ng lokal at pandaigdigang merkado ng paggawa. Noong 1991, pinasimulan ang programang Nursing, na sinundan ng pagbubukas ng mga pinto nito para sa Marine Transportation, Radiologic Technology, at ang Seafarer's Rating Course noong taong panuruan 1993 hanggang 1994. Noong 1996, pinasok din ng institusyon ang larangan ng Engineering sa mga sangay ng Mechanical, Marine, Civil, Computer, at Electronics, kasama ang Architecture, Accountancy, Business Education, at Information Technology. Ang malawak na curriculum na ito, na umaabot mula preschool hanggang kolehiyo at mga teknikal-bokasyonal na kurso sa ilalim ng TESDA, ay nagpapatunay sa dedikasyon ng paaralan sa komprehensibong edukasyon. Bilang pagtugon sa hamon ng makabagong panahon at globalisasyon, ipinatupad ng SEC ang Ladderized Education System at nakiisa sa mga pamantayan ng ISO para sa Quality Management System. Ang akreditasyon nito sa Anglo Japanese American Registrars, Inc. (AJA) at pagkilala ng Commission on Higher Education (CHED) ay nagsisilbing selyo ng kalidad at kahusayan ng institusyon. Bukod sa mga akademikong programa, kilala rin ang SEC sa pagbibigay ng suporta sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga scholarship na nagkakahalaga ng 50% hanggang 100%, mga programang varsity, at modernong online learning platforms na naging krusyal sa pagpapatuloy ng edukasyon sa gitna ng mga hamon ng pandemya. Ang pagpili sa institusyong ito bilang lunsaran ng pananaliksik tungkol sa wika at politika sa meme ay napapanahon, lalo na't ang SEC ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang antas, partikular na ang mga nasa

Baitang 6 ng Basic Education Department. Ang kapaligirang akademiko ng SEC, na pinagsasama ang tradisyunal na kahusayan at makabagong teknolohiya, ay nagbibigay ng mainam na konteksto upang suriin kung paano ginagamit ng mga kabataang Surigaonon ang digital media bilang kagamitan sa pagkatuto at kritikal na pag-iisip.

Tatlong pangunahing instrumento ang ginamit sa pananaliksik na ito upang matiyak ang sistematiko at mapagkakatiwalaang proseso ng paglikom at interpretasyon ng datos. Ang una at pangunahing instrumento ay ang Talaan sa Pagsusuri ng Nilalaman o Content Analysis Rubric at Matrix, na binuo ng mananaliksik batay sa mga kraytirya ni Limor Shifman. Ang instrumentong ito ay nagsilbing gabay upang sistematikong maitala ang mga obserbasyon sa bawat napiling political meme ayon sa tatlong dimensyon ng nilalaman, anyo, at paninindigan. Ang bawat meme ay hinimayin gamit ang mga katagorya ng persuasive, grassroots action, at public discussion upang matiyak na ang bawat aspeto ng wika at politika ay nasasakop ng pagsusuri. Ang ikalawang instrumento ay ang Checklist para sa Validasyon ng Lesson Exemplar, na ginamit upang matiyak ang kalidad ng mabubuong kagamitang panturo. Ang instrumentong ito ay ibinigay sa mga eksperto sa larangan ng Wikang Filipino, Araling Panlipunan, at Teknolohiyang Pang-edukasyon upang suriin ang kaangkupan ng mga memes para sa mga mag-aaral sa Baitang 6. Ang checklist ay naglalaman ng mga pamantayan tulad ng kawastuhang lingguwistiko, antas ng kahirapan ng wika, at pagiging angkop ng tema sa edad at moralidad ng mga bata. Ang ikatlong instrumento ay ang Dokumentasyon at Archiving Tool, na ginamit upang tipunin ang mga digital na kopya ng mga memes mula sa social media. Ang instrumentong ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa pinagmulan ng meme at petsa kung kailan ito nakuha. Ang maayos na pagtatala gamit ang tatlong instrumentong ito ay nagtiyak na ang mga datos ay dumaan sa isang obhetibo at mapagkakatiwalaang proseso ng interpretasyon.

Sinunod ng mananaliksik ang isang maingat at etikal na pamamaraan sa buong proseso ng pangangalap ng datos upang tiyakin ang katumpakan at pagiging balido ng mga nakalap na impormasyon. Una, binuo ng mananaliksik ang disenyo ng pananaliksik, mga instrumento sa pagsusuri, at plano para sa interbensyon batay sa mga layunin ng pag-aaral. Kasunod nito, humingi ng opisyal na pag-apruba at rekomendasyon mula sa Panel ng Pagsusuri ng Graduate Studies upang maisakatuparan ang pananaliksik. Matapos matanggap ang pahintulot, nagsagawa ng purposive sampling ang mananaliksik at nakalap ng animnapung (60) memes na kumakatawan sa mga katagorya ng kalusugan, edukasyon, imprastruktura, ekonomiya, at karapatang pantao. Ang bawat meme ay dinokumento sa pamamagitan ng screenshot at itinatala ang pinagmulan, petsa, at bilang ng interaksyon nito. Pagkatapos nito, ginamit ng mananaliksik ang isang coding sheet upang uriin ang mga memes bilang persuasive, grassroots action, o public discussion batay sa teorya ni Shifman. Isinagawa rin ang pagsusuring lingguwistiko kung saan hinimayin ang nilalaman, anyo, at paninindigan ng bawat materyales upang matukoy ang mensaheng politikal nito. Pagkatapos ng pagsusuri, isinagawa ang pagproseso ng datos at ang statistical treatment upang maiproseso at maipakita ang mga nakalap na impormasyon. Kasabay nito, itinugma ng mananaliksik ang mga nakalap na datos sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng Baitang 6 sa pamamagitan ng Curriculum Mapping. Sa huling hakbang, pinagsama-sama ng mananaliksik ang lahat ng sinuring datos bilang batayan sa paglikha ng Lesson Exemplar.

Sa buong pananaliksik, mahigpit na sinunod ng mananaliksik ang mga pamantayan ng etika sa pananaliksik. Ang wastong pahintulot upang isagawa ang pag-aaral ay nakuha mula sa mga awtoridad sa pamamagitan ng sulatang komunikasyon. Sa pagbuo ng mga materyales ng interbensyon na ginamit sa pag-aaral, iniwasan ang paggamit ng mapang-api, diskriminatibo, o iba pang di-katanggap-tanggap na wika. Hindi kasama sa pag-aaral ang mga pangalan ng mga respondente at iba pang personal na datos upang protektahan ang kanilang pribadong pagkakakilanlan. Ang partisipasyon ng mga respondente ay boluntaryo rin sa buong takbo ng

pananaliksik. Isinagawa ang oryentasyon para sa mga respondente kasama ang kanilang mga magulang, kung saan tinugunan ang mga isyu at alalahanin at nilagdaan ang pahintulot na isama sa pag-aaral ang mga mag-aaral. Pinanatili rin ng mananaliksik ang pagiging obhetibo sa pagsusuri at pagtalakay sa mga resulta, at ang lahat ng mga may-akda na binanggit sa pag-aaral ay wastong ginamit at kinilala sa sanggunian.

Ang pagsusuri ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng apat na magkakaugnay na pamamaraan na naglalayong suriin ang ugnayan ng wika at politika sa mga memes upang magsilbing makabagong kagamitang panturo para sa mga mag-aaral sa Baitang 6. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nilayong gamitin ang pagiging pamilyar ng mga bata sa memes upang linangin ang kanilang kritikal na literasiya sa loob ng asignaturang Filipino. Sa unang pamamaraan na tinatawag na Tematikong Kategorisasyon, inuri ng mananaliksik ang mga memes batay sa paksa, kabilang ang Kalusugan, Edukasyon, Imprastraktura, at iba pang kategorya, upang matukoy ang mga nangingibabaw na isyung panlipunan sa loob ng koleksyon ng datos. Sa ikalawang pamamaraan na Pagsusuring Shifman, ginamit ang tatlong dimensyon ng nilalaman, anyo, at paninindigan upang himayin ang estruktura ng bawat political meme at mailantad ang mga estratehiyang lingguwistiko at retorikal na nakapaloob sa mga ito. Sa ikatlong pamamaraan na Coding at Matrix, inilapat ang mga datos sa isang talahanayan o matrix upang sistematikong mapaghambing ang mga persuasive, grassroots, at public discussion memes sa isa't isa. Sa ikaapat at huling pamamaraan na Pedagogikal na Ebalwasyon, sinuri ng mananaliksik ang antas ng hirap at pagiging angkop ng mga mensahe para sa kapasidad ng mga mag-aaral sa Baitang 6, na nagsilbing tulay sa pagitan ng pagsusuri ng datos at pagbuo ng Lesson Exemplar bilang pinal na awput ng pananaliksik.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Isinasagawa ang pag-aaral na ito upang masuri ang diskursong pampulitika na nakapaloob sa mga politikal na memes sa social media at ang kanilang potensyal bilang kagamitang pampagtuturo ng kritikal na literasiya sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang pagsusuring ito ay sumasaklaw sa kabuuang 77 politikal na memes na sistematikong nakalap at inuri sa limang pangunahing kategorya ng isyung panlipunan, kasama na ang mga memes na may kaugnayan sa kalusugan, edukasyon, imprastraktura, ekonomiya, at karapatang pantao at batas. Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral ay nakatuon sa kritikal na pagsusuri ng mga tekstong biswal at multimodal, kung saan sinuri ang bawat meme ayon sa tatlong pangunahing dimensyon ng uri o anyo: ang Persuasive Meme, Public Discussion Meme, at Grassroots Action Meme. Ang mga nakalap na datos ay binigyang-kahulugan at inuri upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral, kasama na ang pagkilala sa iba't ibang uri ng politikal na memes, ang pagtukoy sa kanilang mga anyo at layuning panlipunan, at ang pagkilala sa mga angkop na kasanayan sa Baitang 6 na maaaring iugnay sa mga naturang materyal bilang kagamitang panturo.

Sa kabuuang 77 memes na nasuri, ang mga memes na may kaugnayan sa Ekonomiya ang nagtala ng pinakamataas na bilang na 18, katumbas ng 23% ng kabuuang datos. Sumusunod ang mga memes hinggil sa Edukasyon na may bilang na 17 o 22%, na sinusundan ng Kalusugan na may 15 memes o 20%, at Imprastraktura na mayroon ding 15 memes ngunit katumbas ng 19%. Nakakuha ng pinakamababang bilang ang kategorya ng Karapatang Pantao at Batas na may 12 memes o 16%. Ang distribusyong ito ay nagpapahiwatig na ang mga usapin ukol sa pangkabuhayan, presyo ng bilihan, at sistema ng pag-aaral ang siyang pinaka-aktibong paksa ng pampublikong diskurso sa pamamagitan ng memes sa social media. Sinusuportahan ng natuklasang ito ang lumalaking katawan ng literatura na nagpapatunay na ang mga meme

ay nagsisilbing mahalagang plataporma ng pampublikong diskurso, lalo na sa mga isyung may direktang epekto sa pang-araw-araw na buhay ng mga mamamayan (Beltran, 2022). Higit pa rito, ang dominasyon ng mga fixed-image format sa mga categoryang ito ay nagpapakita ng katangian ng mga mensaheng kontra-gahum sa social media, kung saan ang mga memes ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagbubuo ng diskurso kasama na ang paglikha ng bagong larawan, paggamit ng mga screenshot, at paghahanay ng mga biswal na elemento (Ramos, 2018; Calimbo, 2016; Legara & Enverga, 2025).

Sa pagsusuri ng mga memes na may kaugnayan sa kalusugan, malinaw na nahahati ang 15 memes sa tatlong pangunahing dimensyon: ang Public Discussion Meme, Grassroots Action Meme, at Persuasive Meme. Ang Public Discussion Meme ang lumalabas na may pinakamalawak na sakop sa categoryang ito dahil ito ang pangunahing instrumento sa pagpapakalat ng pampublikong kamalayan. Ginagamit ng mga memes sa dimensyong ito ang mga eksena sa telebisyon, sikat na personalidad, at mga karaniwang sitwasyon sa ospital upang talakayin ang mga seryosong paksa tulad ng kawalan ng tiwala ng mga HR sa sick leave ng empleyado, ang mababaw na sistema ng konsultasyon, at ang maling prayoridad ng pamahalaan sa pag-aayos ng mga ospital na may WiFi ngunit kulang ang bilang ng mga nars. Ang satira at katatawanan sa mga larawang ito ay nagsisilbing tulay upang ang mga ordinaryong tao ay makasali sa mga debate hinggil sa kalidad ng serbisyong medikal sa Pilipinas. Ang ganitong estratehiya ay naaayon sa pagpapaliwanag ni Aperoch (2023) na ang mga memes ay nagsisilbing kritikal na instrumentalidad sa paghamon sa hegemonya ng kultura at pagtataguyod ng mga kontra-hegemonikong inisyatiba laban sa mga umiiral na kapangyarihan. Samantala, ang mga Grassroots Action Meme ay sumasalamin sa boses at kolektibong damdamin na nagmumula mismo sa ibabang bahagi ng lipunan, na gumagamit ng impormal na wika at mga salitang slang gaya ng "Erp" upang gawing mas madaling mauunawaan at malapit sa puso ng komunidad ang mensahe. Ipinapakita ng mga memes sa dimensyong ito ang malupit na katotohanan na ang atensiyong medikal sa bansa ay madalas na nakalaan lamang sa mga may kakayahang magbayad, at ang mga patutsada ukol sa pamimigay ng lugaw sa halip na magpatupad ng malawakang repormang medikal ay patunay na ang memes ay epektibong paraan ng reaksiyon ng masa sa mga pagkukulang ng mga pinuno (Beltran, 2022; Cruz et al., 2026). Ang mga Persuasive Meme naman sa categoryang kalusugan ay nagsisilbing estratehikong kagamitan na naglalayong hubugin ang opinyon ng publiko, na gumagamit ng emosyonal at espirituwal na panghihikayat upang makuha ang panig ng publiko, at gumagamit din ng political branding ng mga kilalang politiko upang gamitin ang adbokasiyang pangkalusugan sa pagbuo ng positibong imahe (Leon & Ballesteros-Lintao, 2021; McSwiney & Vaughan, 2024).

Ang pagsusuri sa 17 memes na may kaugnayan sa edukasyon ay nagpapakita ng magkakaibang paraan kung paano ginagamit ng mga netizen ang wika, pop culture, at mga pamilyar na larawan upang buksan ang kritikal na diskurso ukol sa mga tuntunin ng wikang Filipino. Nahahati ang mga memes na ito sa tatlong dimensyon: Persuasive Meme, Public Discussion Meme, at Grassroots Action Meme. Ang mga Persuasive Meme sa kontekstong ito ay gumagamit ng matatapang at kilalang mukha tulad ng dating Pangulong Duterte, Jose Rizal, at Willie Revillame upang magsilbing paalala sa tamang paggamit ng "ng at nang," "din at rin," at ang semantika ng "subokan vs subukin." Ang kapangyarihan ng mga memes na ito ay nakasalalay sa kanilang kakayahang iugnay ang pormal na tuntunin ng balarila sa damdamin ng nasyonalismo at personal na disiplina, at ang paggamit ng emosyonal na kultura ng "hugot" at ang pagiging makabayan ng mga kilalang personalidad ay nagsisilbing tulay upang gawing mas "relevant" at madaling matandaan ang mga leksyon sa balarila (Monderin & Go, 2021; Ugalingan et al., 2022). Ang ganitong paggamit ng mga popular na personalidad ay naaayon sa natuklasan ni Ramos (2018) na ang paggamit ng mga kilalang personalidad at mga sikat na linya mula sa pelikula o telebisyon ay nagpapatindi sa mensaheng politikal na nais iparating.

Samantala, ang mga Public Discussion Meme naman sa categoryang edukasyon ay nakatuon sa pagbubukas ng mas malalalim na pambansang talakayan at pagwawasto ng mga maling hinuha ukol sa wika, kasama na ang paglilinaw sa masalimuot na kaibahan ng Tagalog, Pilipino, at Filipino, gayundin ang pagwawasto na ang Bisaya at Ilokano ay mga ganap na wika at hindi simpleng diyalekto lamang (Cruz et al., 2026; Legara & Enverga, 2025). Ang mga Grassroots Action Meme sa categoryang ito ay nagpapakita ng buhay na ebolusyon ng wika na nagmumula mismo sa interaksyon ng mga ordinaryo at mga kabataan sa digital na espasyo, kasama na ang pagsasama ng mga salitang katutubo sa internet gaya ng "Jejemon," "Marites," at mga makabagong Gen Z slang tulad ng "Sheesh" at "Rizler," na nagpapatunay na ang wika ay patuloy na nagbabago sa paglipas ng panahon at hinuhubog ng makabagong teknolohiya at lipunan (Cabiles, 2025; Sawe, 2025). Ang integrasyon ng mga ganitong estratehiya sa memes ay nagpapatunay na ang katatawanan at pop culture ay epektibong nagagamit upang gisingin ang interes ng mga mamamayan, partikular ang mga mag-aaral sa Baitang 6, hinggil sa mga tuntunin ng sariling wika, at nagiging mabisang daluyan ang mga memes na ito para sa demokratisasyon ng diskursong pang-edukasyon (Cruz et al., 2026; Gomez et al., 2026).

Ang pagsusuri sa 15 memes na may kaugnayan sa inprastruktura ay nagpapakita ng tatlong dimensyon na ginamit ng mga netizen upang iugnay ang mga pormal na aralin sa balarila at panitikan sa mga karaniwang sitwasyong panlipunan. Ang mga Persuasive Meme sa categoryang ito ay nakatuon sa paggising ng kritikal na pag-iisip ng mga mambabasa habang sabay na itinuturo ang mga teknikal na tuntunin ng wikang Filipino, kasama na ang pagkakaiba ng "kapag" at "kung" sa pagkilala ng katiyakan sa mga pangako ng politiko, ang wastong pagpili sa pagitan ng "din" at "rin" sa pamamagitan ng analohiya ng sirang tulay, at ang tamang pagpili ng panlapi sa "ng" at "nang" na may kinalaman sa paggawa ng kalsada. Ang paglalapat ng tayutay na ironya sa mga estrukturang tila walang lohika ay nagpapatunay na ang dimensyong ito ay mabisang nanghihiikayat sa mga mag-aaral na suriin ang kalidad ng wika kasabay ng kalidad ng mga pampublikong pasilidad (Azevedo, 2026; Carambas & Tibaldo, 2025). Ang mga Public Discussion Meme naman sa categoryang inprastruktura ay nagsisilbing malawak na espasyo upang ihatid ang mga seryosong usapin ukol sa pamamahala at pananagutang panlipunan, kasama na ang mga konteksto ng pagkaantala ng mga riles ng tren, kaligtasan ng mga gusali, at ang masalimuot na diskurso ukol sa ugnayang sanhi at bunga kapag pinag-uusapan ang matinding pagbaha. Binibigyang-diin din sa dimensyong ito ang mga mabulaklak na salita o euphemistic language ng mga ahensya upang itago ang mga naantalang proyekto, na nagtuturong maging mas mapanuri ang mga mag-aaral sa mga impormasyong kanilang naririnig mula sa pamahalaan (Beucher et al., 2020). Ang mga Grassroots Action Meme sa categoryang ito ay sumasalamin sa tunay na damdamin, kultura, at makabagong wika ng mga ordinaryong mamamayan na direktang nakararanas ng mga suliranin sa inprastruktura, kasama na ang paggamit ng matatalas na metapora tulad ng "buwaya" bilang kinatawan ng mga tiwaling opisyal, at ang ebolusyon ng wika sa pamamagitan ng pag-usbong ng mga makabagong Gen Z slang kapag nagkokomentaryo ang kabataan sa mga pampublikong espasyo (Hamdi et al., 2025; Mahardika & Irlina, 2025; Putri et al., 2026).

Ang pagsusuri sa 18 memes na may kaugnayan sa ekonomiya ay nagpapakita na ang mga memes sa categoryang ito ay gumagamit ng tatlong pangunahing dimensyon upang ipahayag ang iba't ibang aspeto ng pampublikong diskurso ukol sa pambansang pananalapi. Ang mga Persuasive Meme, na kinabibilangan ng mga larawang gumagamit ng retorika, historikal na paghahambing, at optimistikong biswal upang pukawin ang nasyonalismo o suportahan ang mga partikular na adyenda tulad ng Charter Change at mga polisiya ng kasalukuyang administrasyon, ay nagsisilbing estratehikong kagamitan sa paghubog ng pampublikong opinyon. Samantala, ang mga Grassroots Action Meme ay sumasalamin sa

totoong karanasan ng masa sa pamamalengke, pagbaba ng halaga ng piso, kakulangan sa suplay ng pagkain, at kawalan ng kakayahang makabili ng bigas at sibuyas dahil sa matinding epekto ng implasyon, na nagpapatunay na ang social media ang pangunahing takbuhan ng mga karaniwang tao upang ireklamo ang kanilang pang-araw-araw na pang-ekonomiyang pasanin (Matias, 2020; Valdez, 2020). Ang mga Public Discussion Meme hinggil sa Datos naman ay gumagamit ng mga opisyal na ulat at datos gaya ng GDP growth rate mula sa NEDA at PSA, pati na rin ang mga kontrobersyal na usapin ukol sa Maharlika Investment Fund at korapsyon, upang magbukas ng kritikal na debate at pampublikong diskurso. Ang mga memes na ito ay nagsisilbing tulay upang pagbanggain ang magkatunggaling pananaw at suriin kung tumutugma ba ang magagandang numerong inilalabas ng gobyerno sa aktwal na kalagayan ng mga drayber, magsasaka, at manggagawa sa lipunan (Bülow & Johann, 2023; Kekai, 2025). Ang sistematikong paggamit ng irony, metaphor, at hyperbole sa tatlong dimensyong ito ay nagpapatunay na ang mga meme ay nagsisilbing mabisang kasangkapan sa artikulasyon ng kulturang popular at panlipunang kritisismo ng mga kabataan (Halim & Sari, 2024; Sulthoni et al., 2025), habang ang mga ganitong digital na artifact ay nagsisilbing semiotic na aparato na nagpapabilis sa pagpapalaganap ng mga ideolohiyang politikal sa pamamagitan ng mabilis na pagbabahagi sa digital na espasyo (Rabina et al., 2025).

Sa katagorya ng karapatang pantao at batas, ang 12 memes na nasuri ay nahahati sa tatlong uri: Persuasive Memes, Grassroots Action Memes, at Public Discussion Memes. Ang mga Persuasive Meme sa katagoryang ito ay nakatuon sa paggising ng kamalayan ng publiko ukol sa Rule of Law at sa pagiging pantay-pantay ng lahat sa harap ng batas, habang kinakalaban ang kawalang-bahala ng lipunan sa mga usapin ng karapatang pantao. Ginagamit ng mga ito ang mapang-uyam na anggulo upang pukawin ang diskusyon ukol sa estruktural na kawalan ng katarungan, kung saan ang mga nasa laylayan ay madalas maging biktima ng sistema (Chagas, 2017; Leiser, 2022). Ang mga Grassroots Action Meme naman ay sumasalamin sa boses ng mga ordinaryong mamamayan mula sa ibaba, na nagpapahayag ng tahasang pambabatikos sa pagpigil ng pamahalaan sa karapatang magtipon-tipon, gayundin ang kolektibong boses ng mga ordinaryong taxpayer laban sa politikal na interes ng mga mambabatas. Ang mga ito ay nagsisilbing mabisang katuwang sa pagpapalawak ng diskurso hinggil sa katarungang panlipunan, kung saan nagiging mas madaling maunawaan at maipakalat ang mga hinaing ng mga nasa laylayan (Njoroge, 2025; Rivera et al., 2024). Ang pinakamalaking bahagi naman sa katagoryang ito ay binubuo ng anim na Public Discussion Memes na nagsisilbing satirikong komentaryo na naglalayong magbukas ng malalalim na diskurso ukol sa normalisasyon ng korapsyon, abuso sa pambansang pondo, at ang umiiral na double standard sa pagpapatupad ng batas sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap. Ang paggamit ng mga biswal na metapora sa mga meme na ito ay nakatutulong upang gawing viral ang mga kritikal na diskurso, na nagbibigay-daan sa mas malawak na pakikilahok ng mga mamamayan sa usaping pampubliko (Eleutério et al., 2021; Ofori & Dogbatse, 2023; Stancea et al., 2025). Ang pagsusuri ng mga memes batay sa mga elementong form, content, at stance, ayon sa lapit ni Adhityakusuma at Mahadian (2019), ay nagbibigay-daan upang matukoy ang estratehikong paraan ng paghubog sa persepsyon ng publiko at ang impluwensya nito sa digital na aktibismo.

Batay sa pagsusuri ng mga memes ayon sa kanilang mga katagorya at dimensyon, natukoy ang mga angkop na kasanayan sa Baitang 6 sa asignaturang Filipino na maaaring iugnay sa mga politikal na memes bilang kagamitang pampagtuturo. Ang mga kasanayang ito ay hinati sa limang pangunahing klasipikasyon na naaayon sa mga katagorya ng memes: Kalusugan, Edukasyon, Inprastruktura, Ekonomiya, at Karapatang Pantao at Batas. Sa klasipikasyong may kaugnayan sa Kalusugan, ang mga kasanayan tulad ng F6PS-IVc-1, F6PT-IVc-1.10, at F6PD-IVf-5.2 ay itinuturing na pinaka-angkop, kung saan inaasahang makapagpahayag ng sariling opinyon ang mga mag-aaral, makapagsuri ng katotohanan laban

sa fake news, at makapag-usap sa klase ng seryosong problema sa kalusugan gamit ang nakakatawang drawing o meme. Sa klasipikasyong patungkol sa Edukasyon, ang mga kasanayan tulad ng F6WG-IVg-h-13, F6W-IVb-i-2.1, F6PT-IVc-1.10, F6PS-IVc-1, F6PD-IVf-5.2, at F6PS-IVj-14 ay itinuturing na angkop, kung saan tutukuyin at itatama ng mga mag-aaral ang maling balarila sa memes, ipahahayag ang nararamdaman hinggil sa stress sa school deadlines, at makikibahagi sa isang simpleng diskusyon o debate tungkol sa Wikang Pambansa. Sa klasipikasyong may kaugnayan sa Inprastruktura, ang mga kasanayan tulad ng F6WG-IVg-h-13, F6PB-IVb-i-21, F6PT-IVc-1.10, F6PS-IVc-1, F6PB-IVf-5.2, at F6PS-IVj-1 ay natukoy bilang angkop, kung saan itatama ng mga mag-aaral ang maling balarila sa meme, aalamin kung paano ginamit ang "ironya" para hindi madaling maloko ng mga pangako sa kalsada at tulay, at mag-debate kung alin ang Katotohanan at Opinyon sa mga naririnig na balita tungkol sa proyekto ng pamahalaan. Sa klasipikasyong patungkol sa Ekonomiya, ang mga kasanayan tulad ng F6WG-IVg-h-13, F6PT-IVc-1.10, at F6PD-IVf-5.2 ay itinuturing na pinakaangkop, kung saan susuriin ng mga mag-aaral kung paano ginagamit ng meme ang magagandang salita o "visual rhetoric" upang makuha ang panig ng publiko kahit may krisis, at pag-aaralan ang ugnayan ng mga numero gaya ng GDP at inflation sa guhit o karikatura ng meme upang makasali sa simpleng debate ukol sa badyet ng bansa. Sa huling klasipikasyon na patungkol sa Karapatang Pantao at Batas, ang mga kasanayan tulad ng F6PB-IVb-i-21, F6WG-IVg-h-13, F6PS-IVc-1, F6PT-IVc-1.10, F6PD-IVf-5.2, at F6PS-IVj-14 ay natukoy bilang angkop, kung saan susuriin ng mag-aaral kung paano ginamit ng meme ang disenyo at salita upang makahikayat na ipaglaban ang katarungan at karapatan, at gagamitin ang meme bilang simula ng debate o talakayan sa klase upang suriin ang mga seryosong isyu tulad ng korapsyon, batas, at kapayapaan. Ang paggamit ng mga meme sa loob ng silid-aralan bilang instrumento sa pagkatuto ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magsagawa ng mapanuring pagbasa at pag-edit, mapaunlad ang mga kasanayang metakognitibo, at maging aktibong kalahok sa pagsusuri ng mga isyung kinakaharap ng lipunan (Sorte, 2019; Altukruni, 2022; Garrido et al., 2018; Domingues & Pesce, 2024; Lima-Neto & Oliveira, 2019).

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga natuklasan ng pag-aaral na ang mga politikal na memes sa social media ay nagsisilbing makapangyarihang instrumento ng modernong komunikasyong politikal at panlipunan, na higit pa sa simpleng anyo ng libangan o katatawanan. Ang 77 memes na nasuri, na nahahati sa limang kategorya ng isyung panlipunan at tatlong pangunahing dimensyon ng uri, ay nagpapakita ng kasaganaan at pagkakaiba-iba ng mga pamamaraan ng pampublikong pagpapahayag sa digital na espasyo, mula sa Persuasive, Public Discussion, hanggang sa Grassroots Action Memes. Ang dominasyon ng mga memes na may kaugnayan sa Ekonomiya at Edukasyon ay nagpapatunay na ang mga usaping may direktang epekto sa pang-araw-araw na buhay ng mga mamamayan ang siyang pinakaaktibong paksa ng pampublikong diskurso. Higit pa rito, ang pagtukoy sa mga angkop na kasanayan sa Baitang 6 na maaaring iugnay sa mga politikal na memes ay nagpapatunay na ang mga naturang digital na artifact ay maaaring maging mabisang kagamitang pampagtuturo na nagtataguyod ng kritikal na literasiya at mapanuring pag-iisip sa mga mag-aaral. Ang ganitong integrasyon ng mga multimodal na materyal sa pagtuturo ay sumusuporta sa layunin ng susunod na bahagi ng pag-aaral, na nauukol sa pagbuo ng isang komprehensibong kagamitang panturo na magpapaunlad ng kritikal na literasiya sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng mga politikal na memes bilang lunsaran ng mapanuring pagkatuto at pakikilahok sa mga usapin ng lipunan (Lutfiana & Permatasari, 2025; Hamdi et al., 2025; Gomes & Sousa, 2025).

KONKLUSYON

Batay sa mga datos at resultang nakalap sa pananaliksik na ito, malinaw na ang diskursong pampulitika sa social media na kinapapalooban ng 77 politikal memes ay isang tapat na salamin ng mga sentimyento at pangkasalukuyang priyoridad ng publiko. Higit na nangingibabaw sa nasuring digital na diskurso ang mga usaping pangkabuhayan at edukasyon, na makikita sa pangunguna ng temang Ekonomiya na may 18 memes o 23 porsyento at Edukasyon na may 17 memes o 22 porsyento. Ang mga numerong ito ay nagpapatunay na ang pang-araw-araw na hapis at kapakanan ng pamilyang Pilipino ang pinakamakulay na paksa sa digital na kritisismo. Bagama't may sapat ding espasyo ang mga isyu sa Kalusugan na may 15 memes o 20 porsyento at Imprastraktura na may 15 memes o 19 porsyento, ang mas mababang bilang ng Karapatang Pantao at Batas na may 12 memes o 16 porsyento ay nagpapahiwatig na mas madaling nakalilikha ng kolektibong ingay at komedya ang masa sa mga paksang may direktang epekto sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang distribusyong ito ng mga temang panlipunan ay nagsisilbing patunay na ang mga ordinaryong mamamayan ay aktibong gumagamit ng digital na espasyo upang ipahayag ang kanilang mga hinaing at pananaw hinggil sa mga saligang usapin ng bansa.

Karagdagan pa rito, natuklasan na ang mga politikal memes ay mabisang kasangkapan sa pagtuturo ng kritikal na literasiya batay sa tatlong pangunahing uri na nakilala sa pag-aaral. Ang Public Discussion Meme ay gumagamit ng pop culture at satira upang buksan ang pambansang diskurso ukol sa korapsyon at pagwawasto sa wika, na nagbibigay-daan sa mas malawak na pakikilahok ng publiko sa mga usaping pambansa. Ang Grassroots Action Meme naman ay sumasalamain sa kolektibong hinaing ng masa gamit ang mga lokal na karanasan at makabagong salita ng kabataang Gen Z upang punahin ang implasyon, trapiko, at kakulangan sa serbisyong medikal. Samantala, ang Persuasive Meme ay nagsisilbing estratehikong instrumento upang magpabago ng paniniwala at humikayat ng kilos, na kinakasangkapan ang nasyonalismo at political branding upang ituro ang wastong balarila kasabay ng paggising sa kritikal na pag-iisip ng mga kabataan laban sa disimpormasyon. Ang tatlong uri ng memes na ito, na sinuri sa ilalim ng tatlong dimensyon ni Limor Shifman na nilalaman, anyo, at paninindigan, ay nagpapakita ng komplikado ngunit maaaring gamitin sa pagkatuto ang kalikasan ng politikal na komunikasyon sa digital na panahon.

Higit pa sa kanilang papel bilang instrumento ng politikal na pakikipag-ugnayan, natuklasan din ng pananaliksik na may mataas na antas ng kaangkupan ang mga politikal memes sa kurikulum ng Baitang 6 sa Filipino. Ang matagumpay na paglalapat ng mga tekstong biswal na ito sa mga Most Essential Learning Competencies sa pamamagitan ng limang temang panlipunan, na sumasaklaw sa kalusugan, edukasyon, imprastraktura, ekonomiya, at karapatang pantao at batas, ay nagpapakita na ang pag-aaral ng wika sa makabagong panahon ay hindi na lamang dapat manatiling tradisyonal. Ang mga memes ay hindi lamang mabisang tulay sa pagtuturo ng mga teknikal na kasanayan sa wika tulad ng balarila, antas ng salita, at ironya, kundi dinamikong instrumento rin sa paglinang ng kritikal na literasiya at multiliteracy. Sa pamamagitan ng mga gawaing tulad ng debate, pagsusuri sa fake news, at paghimay ng visual rhetoric, aktibong nahihikayat ang mga mag-aaral na magpahayag ng opinyon at sumuri sa mga komplikadong isyung pambansa. Ang mga natuklasang ito ay nagsisilbing matibay na batayan sa pagbuo ng isang komprehensibong Lesson Exemplar na inilapat sa mga MELCs ng Baitang 6, na nagpapatunay ng kakayahan ng mga memes na maging permanenteng tulay sa pagitan ng pagtuturo ng wika at paglinang ng mapanuring pag-iisip.

Mula sa mga konklusyong nabuo, inirerekomenda na ang mga mag-aaral ay sanayin ang kanilang sarili na tingnan ang mga memes nang may kritikal na pananaw, sinusuri ang wika, binabasa ang nakatagong kahulugan o ironya, at kinikilala ang pagkakaiba ng katotohanan sa fake news, upang maihanda sila bilang responsableng mamamayan sa digital

na espasyo. Ang mga guro sa asignaturang Filipino sa Ikaanim na Baitang ay pinapayuhan na yakapin ang mga makabagong tekstong biswal bilang mabisang kagamitang panturo sa silid-aralan, na ginagamit ang mga memes bilang tulay sa sabay na pagtuturo ng teknikal na balarila at paglinang ng kritikal na literasiya. Para sa mga magulang, iminumungkahi na gamitin ang mga memes bilang paksa ng bukas na komunikasyon sa loob ng tahanan upang matulungan ang mga bata na maproseso nang tama ang mga impormasyon at makabuo ng malalim na empatiya sa mga hinaing ng pamilyang Pilipino. Para naman sa mga tagapaglathala at curriculum developers, inirerekomenda na pormal na isama ang mga kontemporaryong tekstong multimodal at biswal sa pagbuo ng mga opisyal na kagamitang pampagtuturo at kurikulum sa Filipino, na sistematikong ini-mapa sa mga MELCs upang tiyakin na ang kurikulum ay nananatiling dinamiko, napapanahon, at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Bilang panghuling rekomendasyon, iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik na palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa epekto ng mga politikal memes sa iba pang antas ng baitang o sa iba pang asignaturang may kaugnayan sa lipunan, at posibleng magsagawa ng kuwantitatibo o eksperimental na pananaliksik upang masukat ang mismong antas ng pag-unlad sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ilapat ang mga memes bilang interbensyon.

TALASANGGUNIAN

Adhityakusuma, D., & Mahadian, A. B. (2019a). Analisis konten meme politik "Nurhadi – Aldo." *eProceedings of Management*, 6(3). <https://openlibrarypublications.telkomuniversity.ac.id/index.php/management/article/download/11056/10924>

Adhityakusuma, D., & Mahadian, A. B. (2019b). Analisis konten meme politik "Nurhadi – Aldo." *eProceedings of Management*, 6(3). <https://librarye proceeding.telkomuniversity.ac.id/index.php/management/article/view/11056>

Altukruni, R. A. (2022). A systematic literature review on the integration of internet memes in EFL/ESL classrooms. *Arab World English Journal*, 13(4), 237–250. <https://doi.org/10.24093/awej/vol13no4.15>

Amper, K. P. B., & Baradillo, D. G. (2025). A multimodal sentiment analysis of internet memes in the course of Philippine elections. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 402–424. <https://doi.org/10.36713/epra20285>

Aperocho, M. D. B. (2023). The oust Duterte movement and its counterhegemonic rhetoric on Facebook. *Zenodo (CERN European Organization for Nuclear Research)*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.8305244>

Azevedo, D. (2026). Memes na sala de aula: Potencial pedagógico da linguagem multimodal no ensino de língua portuguesa. *Revista Observatório Científico*. <https://doi.org/10.58910/wkpe9975>

Bebić, D., Boko, A., & Dolinar, D. (2024). Meming up the scandals. *Medijske Studije*, 14(28), 89–104. <https://doi.org/10.20901/ms.14.28.6>

- Beltran, M. V. C. (2022). Memes expose Duterte's dismal pandemic response. *Asian Politics & Policy*, 14(3), 441–448. <https://doi.org/10.1111/aspp.12649>
- Beucher, B., Low, D. E., & Smith, A. (2020). Memes and social messages: Teaching a critical literacies curriculum on DAPL. *International Journal of Multicultural Education*, 22(3), 24–49. <https://doi.org/10.18251/ijme.v22i3.2235>
- Bülow, L., & Johann, M. (2023). Effects and perception of multimodal recontextualization in political internet memes: Evidence from two online experiments in Austria. *Frontiers in Communication*, 7. <https://doi.org/10.3389/fcomm.2022.1027014>
- Cabiles, N. V. A. (2025). Culturally grounded module development for Barayti at Baryasyon ng Wika: Integrating student perspectives toward linguistic sustainability. *Journal of Qualitative Research in Education*, 45. <https://doi.org/10.54963/jqre.i45.1903>
- Calimbo, A. C. (2016). Deconstructing myths via humor: A semiotic analysis of Philippine political internet memes. *Deleted Journal*, 6, 1–20. <https://doi.org/10.62071/jssh.v6i.63>
- Carambas, J. R., & Tibaldo, J. S. (2025). Fostering critical thinking in Filipino through media and information literacy. *Advances in Mobile Learning Educational Research*, 5(1), 1370–1387. <https://doi.org/10.25082/amler.2025.01.012>
- Chagas, V. (2017). A febre dos memes de política. *Revista FAMECOS*, 25(1), 27025–27025. <https://doi.org/10.15448/1980-3729.2018.1.27025>
- Chagas, V., Freire, F. A., Rios, D., & Magalhães, D. (2017). A política dos memes e os memes da política: Proposta metodológica de análise de conteúdo de memes dos debates eleitorais de 2014 / The meme politics and the political memes: Methodological proposal for a content analysis of internet memes from 2014 electoral debates. *Intexto*, 173–196. <https://doi.org/10.19132/1807-8583201738.173-196>
- Cruz, K. J. H. D., Gansatao, B. V., Añon, A. R., & Calzada, K. L. dela. (2026a). Decoding Philippine Facebook memes: A content analysis of their cultural and social influence. Zenodo (CERN European Organization for Nuclear Research). <https://doi.org/10.5281/zenodo.18778499>
- Cruz, K. J. H. D., Gansatao, B. V., Añon, A. R., & Calzada, K. L. dela. (2026b). Decoding Philippine Facebook memes: A content analysis of their cultural and social influence. Zenodo (CERN European Organization for Nuclear Research). <https://doi.org/10.5281/zenodo.18778498>
- Domingues, Q. A. de S. S., & Pesce, L. (2024). Memes antifeministas e conservadorismo em rede: Uma análise das leituras e enquadramentos dos femininos desviantes. *Revista Docência e Ciberultura*, 8(3), 1–23. <https://doi.org/10.12957/redoc.2023.71816>
- Eleutério, K. I. P. e, Martins, S. A., Menezes, J. P. C. B., Santos, M. A., Souza, M. C. de, & Mota, R. C. L. (2021). O meme político: Uma análise na perspectiva tecnológica e democrática. *Research Society and Development*, 10(9). <https://doi.org/10.33448/rsd-v10i9.17960>

Fajardo, M. F. (2023). Filipino students' competency in evaluating digital media content credibility: 'Beginning' to 'emerging' levels. *Journal of Media Literacy Education*, 15(2), 58–70. <https://doi.org/10.23860/jmle-2023-15-2-5>

Farid, A. S., & Radiamoda, A. M. (2026). Digital satire as political discourse: Humor, memes, and resistance in Philippine internet culture. *Asian Journal of Media and Culture*, 2(1), 49–71. <https://doi.org/10.63919/ajmc.v2i1.68>

Firayani, F. (2025). Meme culture and social critique: Representations of politics, religion, and nationalism in Indonesian cyberspace. *Kamara Journal*, 2(3), 1–10. <https://doi.org/10.62872/kj.v2i3.479>

Garrido, L. C., Moya, A. V., & Morancho, M. V. (2018). "Hackeando memes": Cultura democrática, redes sociales y educación | "Hacking memes": Democratic culture, social media and education. *ESPIRAL Cuadernos del Profesorado*, 11(23), 120–129. <https://doi.org/10.25115/ecp.v12i23.2017>

Gomes, D. A. de O., & Sousa, R. F. de. (2025). O gênero meme no ensino de figuras de linguagem: Uma perspectiva sob o viés dos multiletramentos. *Revista Sítio Novo*, 9. <https://doi.org/10.47236/2594-7036.2025.v9.1875>

Gomez, M. G., Bacang, A. G., & Calumpang, E. (2026). Classroom voices: Teachers and educational memes. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 8(1). <https://doi.org/10.36948/ijfmr.2026.v08i01.68038>

Halim, S., & Sari, M. D. (2024). Visual language and identity in digital youth culture: A socio-semiotic study of memes among Indonesian Gen Z. *Communica Journal of Communication*, 2(3), 200–213. <https://doi.org/10.61978/communica.v2i3.775>

Hamdi, I., Cahyoadji, R., Lutfia, N., Islami, S. P. N., & Auliatul, S. (2025). Analisis ragam bahasa dalam "internet memes" di media sosial. *Jurnal Pendidikan West Science*, 3(1), 69–75. <https://doi.org/10.58812/jpdws.v3i01.1801>

Kekai, C. P. (2025). Humorous memes on Nigeria's economic downturn as "Èmi ló kàn's," what they will eat? cassava, eee! agbado, eee! corn and ... manifests. *Language and Semiotic Studies*, 11(3), 368–400. <https://doi.org/10.1515/lass-2024-0051>

Курпа, А., Степаненко, О., Зинченко, В., Удовиченко, Н., & Дмыtruk, Л. (2022). Integration of internet memes when teaching philological disciplines in higher education institutions. *Advanced Education*, 45–52. <https://doi.org/10.20535/2410-8286.235947>

Legara, V. C. L., & Enverga, M. (2025). The seriousness of humorous content: Analyzing opposition memes during the 2022 Philippine elections using a discourse-historical approach. *Journal of Asia-Pacific Pop Culture*, 10(1), 71–96. <https://doi.org/10.5325/jasiapacipopcult.10.1.0071>

- Leiser, A. (2022). Psychological perspectives on participatory culture: Core motives for the use of political internet memes. *Journal of Social and Political Psychology*, 10(1), 236–252. <https://doi.org/10.5964/jspp.6377>
- Leon, F. M. G. D., & Ballesteros-Lintao, R. (2021). The rise of meme culture: Internet political memes as tools for analysing Philippine propaganda. *Journal of Critical Studies in Language and Literature*, 2(4), 1–13. <https://doi.org/10.46809/jcsll.v2i4.70>
- Lima-Neto, V. de, & Oliveira, E. G. de. (2019). Memes no Facebook: Letramento crítico na escola pública a partir do humor. *Periferia*, 11(1), 33–53. <https://doi.org/10.12957/periferia.2019.36445>
- Lutfiana, L., & Permatasari, E. K. (2025). Digital English: An investigation of Gen Z's online language practices through social media and their implications for English language education. *Jurnal Pendidikan Dan Pembelajaran*, 4(2). <https://doi.org/10.70294/juperan.v4i02.1132>
- Mahardika, F., & Irlina, A. (2025). Sociolinguistic analysis of the role of language in meme culture in digital era. *TEFLA Journal (Teaching English as Foreign Language and Applied Linguistic Journal)*, 7(1), 38–42. <https://doi.org/10.35747/tefla.v7i1.1355>
- Matias, K. I. O. (2020). Integration of internet memes in teaching social studies and its relation to the development of critical thinking skills: A literature review. *International Journal of Social Sciences*, 9(4). <https://doi.org/10.30954/2249-6637.04.2020.1>
- McSwiney, J., & Vaughan, M. (2024). Parties vs. partisans: The real contest about what memes mean in election campaigns. *Australian Journal of Political Science*, 59(2), 216–235. <https://doi.org/10.1080/10361146.2024.2369537>
- Monderin, C., & Go, M. B. (2021). Emerging Netspeak word choices in social media on Filipino pop culture. *International Journal of Linguistics Literature & Translation*, 4(6), 49–61. <https://doi.org/10.32996/ijllt.2021.4.6.7>
- Murru, M. F., & Vicari, S. (2021). Memetising the pandemic: Memes, covid-19 mundanity and political cultures. *Information Communication & Society*, 24(16), 2422–2441. <https://doi.org/10.1080/1369118x.2021.1974518>
- Nguyen, H., Chambers, W. L., & Abbott, M. L. (2022). Building ESL learners' digital literacy skills using internet memes. *TESL Canada Journal*, 39(1). <https://doi.org/10.18806/tesl.v39i1/1368>
- Njoroge, C. (2025). Visual humor as a political tool: The case of memes in Kenya's 2022 election. *International Journal of Communication and Public Relation*, 10(3), 25–44. <https://doi.org/10.47604/ijcpr.3510>
- Ofori, M. F., & Dogbatse, F. S. (2023). "We are only to appear to be fighting corruption...we can't even bite": Online memetic anti-corruption discourse in the Ghanaian media. *Online Media and Global Communication*, 2(1), 77–99. <https://doi.org/10.1515/omgc-2023-0001>

Pinheiro, M. de P. G. de S., Júnior, F. P. S., & Carvalho, F. M. (2021). Language practices of the digital multi-semiotic genre meme by 3rd grade students in elementary school I. *Research Society and Development*, 10(13). <https://doi.org/10.33448/rsd-v10i13.21206>

Putra, Y. R. P., Fanaqi, C., & Hermawandi, Y. (2026). Meme politik sebagai sarana kampanye pasangan santri di media sosial @SyakurAmin pada Pilkada 2024. *MUKASI Jurnal Ilmu Komunikasi*, 5(1), 329–339. <https://doi.org/10.54259/mukasi.v5i1.6074>

Putri, G., El-Husaini, A., & Faiza, F. (2026). The semiotic shield: A multi-generational structural equation modeling analysis of linguistic resistance and digital agency in Indonesia's post-truth era. *Open Access Indonesia Journal of Social Sciences*, 8(5), 269–279. <https://doi.org/10.37275/oaijss.v8i5.308>

Rabina, D. J., Natuel, R. M., & Ordoñez, J. P. (2025). Meme-ingful visual: Exploring the pragmatic implications of memes in political polarization through semiotic analysis. *The Research Probe*, 5(2), 106–132. <https://doi.org/10.53378/trp.197>

Ramos, K. (2018). Politikal na Pinoy meme bilang sisteng kontra-gahum ng lipunang Pilipino sa eleksiyon. *Malay Journal*, 31(1). <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1122>

Rivera, D. M. S., Gama, A. M., Romero, D. M. Q., & Rivera, L. E. S. (2024). Los memes en Facebook como respuesta ciudadana a la crisis de violencia en Guerrero. *Global Media Journal México*, 21(40), 58–85. <https://doi.org/10.29105/gmjmx21.40-524>

Rodríguez, I. A. F. (2026). The power of memes to improve reading comprehension, critical thinking, and motivation. *Institutional Repository of the University of Granada (University of Granada)*. <https://doi.org/10.30827/retosxxi.10.2026.34725>

Sawe, M. V. (2025). Digital identity and linguistic play: A study of Filipino TikTok slang among Generation Z. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 3054–3063. <https://doi.org/10.47772/ijriss.2025.9020239>

Sorte, P. B. (2019). Internet memes. *Educação & Formação*, 4(12), 51–66. <https://doi.org/10.25053/redufor.v4i12.1385>

Stancea, A., Călin, I., & Ciocîrlan, C. (2025). Memes and their role in the 2019 Romanian presidential elections: An exploratory analysis. *Romanian Journal of Communication and Public Relations*, 26(2), 7–24. <https://doi.org/10.21018/rjcpr.2024.2.593>

Sulthoni, A., Ayu, S. W., Arifah, E. D., & Silaban, K. A. (2025). Analysis of language style in Indonesian language memes: A reflection of pop culture in Generation Z. *Santhet (Jurnal Sejarah Pendidikan Dan Humaniora)*, 9(3), 1107–1111. <https://doi.org/10.36526/santhet.v9i3.5680>

Ugalingan, G., Marie, G., Flores, L., Garinto, A., & Mante-Estacio, Ma. J. (2022). The pedagogy of multiliteracy and multimodality through memes. *International Journal of Media and Information Literacy*, 7(1). <https://doi.org/10.13187/ijmil.2022.1.264>

Valdez, P. N. (2020). Research in critical pedagogy: Implications for English language classrooms in Asia. *Deleted Journal*, 60(1), 222–236. <https://doi.org/10.58837/chula.pasaa.60.1.8.2024.27.06>